"Hi there, Mia." Kamuntik na siyang mahulog sa swivel chair nang biglang magsalita sa likuran niya si Chris, sabay pisil sa magkabila niyang balikat. "Kaya pa? How's learning process going?" Hindi lang doon humangga ang caring action nito. Yumuko pa ito para magpantay ang mga mukha nila at nakisilip sa monitor ng kanyang computer.

Parang tuod ang dalaga na natulos sa kinauupuan dahil kapag kumilos siya kahit kaunting lingon lang sa gawi nito ay baka mahalikan niya. *Sir, gaano ka-close ba dapat ang face ng trainer at trainee kapag nagtuturuan?*

"Hmm… nice documentation. However, avoid using exclamation point," komento nito sa ginagawa niya. Hindi naman nakatuon ang atensyon niya sa sinasabi nito. Her sense of smell was etching in her memory the sexy masculine scent of him. "Oo, we might get upset dahil nasigawan o namura tayo ng caller, pero hindi na natin kailangang i-point out na galit *rin* tayo sa ginawa nila. Okay?"

"Yes, Sir." Lalo siyang naturete nang bumulong sa kanya si Chris. Naramdaman pa niya ang haplos ng hininga nito sa kanyang punong-tainga. '*Yung totoo, Sir, kailangan bang pabulong talaga ang comment?*

"Good job, Mia. You're really a speedy learner. Keep it up," wika nito sa nakakaakit na boses. Bedroom voice ba ang tawag doon?

Iyon lang ang sinabi nito, pero tumagos sa kaibuturan ng kanyang puso ang mensahe. Parang ibig niyang maglulukso sa tuwa at kumandirit ngayon din. Tumaas ang energy level niya lampas pa sa maximum tolerance.

I'm alive, awake, alert and enthusiastic! Her heart sang their ice-breaker song during their training session. *Push mo 'yan, Eufemia! Sa taas ng enerhiya ko ngayon kahit sampung irate customers na bumubula ang bibig sa pagmumura, kakayanin kong harapin. Kung gusto nila mula ground floor hanggang thirtieth floor nitong Crown Jewel Tower, aakyatin ko gamit ang hagdanan.*

Kaya naman hanggang sa pumasok ang kasunod na call ay hindi pa siya maka-get over.